Ang Batas

Ayon sa **Trafficking and Violence Protection Act** (TVPA), maaaring mamalagi ang mga nakaligtas ng trafficking sa US nang *tatlo o higit pang taon*. Nakalarawan din ang mga *multa* para sa mga traffickers, at nakalista ang mga *serbisyo* na karapatdapat sa mga nakaligtas ng pangangalakal na paggamit o trafficking.

Malinaw na tinutukoy ng **TVPA** ang mga uri ng nakaligtas sa ganitong uri ng paggamit, na maaaring mamalagi sa US. Upang maging marapat na mabigyan ng **T Visa**, ang nasa gulang na nakaligtas o "survivor" ng trafficking ay kinakailangang nakaranas ng malubhang uri ng trafficking na may kasamang:

- sapilitang paggamit, pandaraya, o pagbabanta, AT
- pagtatrabaho na laban sa loob O pang-seks na trabaho.

Ang natatangi para sa mga batang na-traffick o nakababata: ang nakaligtas na wala pa sa edad na 18 ay maaaring marapat ng mabigyan ng T visa kung siya ay pinilit na magtrabaho sa seks, *kahit ma mayroon o walang pagpipilit, pandaraya, o pagbabanta.*

Maaaring mabigyan ng **U Visa** ang mga nakaligtas ng trafficking na:

- nakaranas ng malubhang pang-aabuso na resulta ng kriminal na gawain, AT
- nakatulong sa o malamang na makakatulong sa pag-imbestiga o pag-usig ng krimen.

Ang mga kamag-anak ng mga nakaligtas ng trafficking ay may karapatan ding mamalagi sa US.

Ang mga nakaligtas ng trafficking ay may karapatan din sa mga *pangkalusugan at makataong serbisyo*, katulad ng mga karapatan ng mga refugees.

AALDEF

Itinataguyod ang mga Karapatan ng mga Babae at Kabataang Nakaligtas ng Trafficking: Ang proyektong ito ay nagbibigay ng legal na pangangatawan sa mga babae at kabataang na-traffick upang maiabot sa kanila ang kalidad at makataong serbisyo.

AALDEF: Ito ay itinatag noong 1974. Ito ang Asian American Legal Defense and Education Fund, o AALDEF, na tumataguyod sa karapatang sibil ng mga Asyanong Amerikano sa pamamagitan ng paglilitis, pagsusulong, at edukasyong pangkomunidad sa mga usaping tulad ng karapatan ng mga migrante, ang karapatang bumoto, katarungang pang-ekonomiya, dahas na makapoot, at ang tiwaling asal ng mga pulis.

Mga Proyektong Kaugnay sa AALDEF

Makatarungang Edukasyon at mga Karapatang Pangkabataan: Ang proyektong ito ay nakatutok sa pagtamo ng edukasyon sa dalawang wika, paggamit ng sariling wika, sa dahas na laban sa mga Asyano sa mga paaralang pampubliko, "post 9-11" at "gang profiling," pagsusuri sa paaralan, at positibong aksyon.

Pangunguna sa Pagtanggol Laban sa Pagpapatuparan ng Imigrasyong Lokal: Ang layunin ng proyektong ito ay ang paghamon sa pagpapatupad ng mga batas ng lokal na imigrasyon, sa pang-estadong pangangatawan, at ang mga sari-saring lokal o pang-estadong paglabag sa mga karapatan ng mga migrante, sa pamamagitan ng pagtatag ng samahan at edukasyon ng komunidad, pagsulong sa mga patakarang makatarungan, at paglilitis.

Para sa mga katanungang legal, makipag-alam kay **Ivy O. Suriyopas**, Equal Justice Works Fellow, sa **212.966.5932 X 235** o **isuriyopas@aaldef.org**.
Para sa referrals, makipag-alam kay **Mabel Tso** sa **X 224** o **mtso@aaldef.org**.

Itinataguyod ang mga Karapatan ng mga Babae at Kabataang Nakaligtas ng Trafficking

ASIAN AMERICAN LEGAL DEFENSE AND EDUCATION FUND
99 HUDSON STREET, 12th FL
NEW YORK, NY 10013-2815
TEL 212.966.5932 FAX 212.966.4303

Kahulugan ng Trafficking

Ang trafficking ay ang pagrekluta, pag-aantala, o pagtatanggap ng mga tao sa pamamagitan ng pagpipilit, pandaraya, o pagbabanta ng pang-aalipin, di-kusang pagtatrabahao, o pagsasamantala sa isang di-kusang pag-aasawa o pangkomersyong industriya (tulad ng pagsasaka, pagtatrabaho sa pabrika, konstruksyon, pagtatrabaho sa restaurant, pagsisilbi bilang katulong, or pangkomersyong seksuwal na pagtatrabaho).

Mga Katanungan para sa isang Potensyal na Nakaligtas ng Trafficking

- Dumating ka ba sa US para sa isang trabaho o layunin, at pagkatapos ay nadiskubreng ang trabaho ay *iba* sa ipinangako?
- Ikaw ba ay *pinilit* na magtrabaho – halimbawa:
  - bilang katulong sa bahay?
  - bilang trabahador sa isang pabrika, bukid, o restaurant?
  - bilang isang seksuwal na trabahador?
  - pagtatrabaho sa bahay para sa iyong asawa?
- Nagtatrabaho ka ba nang *walang bayad*?
- Sinabihan ka ba na dapat mong *bayaran ang utang mo* sa pamamagitan ng pagtatrabaho?
- Kailangan mo bang *humingi ng pahintulot* upang makalabas ng bahay, kumain, matulog, o pumunta sa banyo?
- Mayroon bang *kumuha ng iyong pasaporte* at iba pang mga papeles na pang-identidad?
- Ikaw ba o ang pamilya mo ay *inabuso o pinagbantaan*?

Mga Mito tungkol sa Trafficking

- **Ang trafficking ay iba sa smuggling.** Ang smuggling ay ang boluntaryong pagtatawid ng mga internasyonal na border ng walang inspeksyon. Ang mga migrante na nai-smuggle sa US ay nakalabag sa batas, samantalang silang mga na-traffick sa US at pinilit na magtrabaho nang labag sa kanilang kalooban ay *protektado ng batas*.
- **Ang trafficking ay may pagkakahalintulad sa dahas sa tahanan (domestic violence).** Ang mga traffickers ay nagko-kontrol ng kanilang mga biktima sa pamamagitan ng pisikal at sikolohikal na pang-aabuso. Ang mga nakaligtas ng trafficking ay kadalasang lubhang pinag-iisa, walang kasulatan, nakakaharap ng suliranin dahil sa wika, kulang sa kakayanan, nakakaranas ng hindi pagkakaroon ng kapangyarihan, at natatakot sa maaaring haraping kahihiyan.
- **Ang trafficking ay higit pa sa pangangalakal ng mga tao para sa prostitusyon at trabahong pangsekswal.** Ang mga nakaligtas ng trafficking ay nagtatrabaho sa mga pabrika, bukid, restaurant, konstruksyon, o mga pribadong tahanan bilang katulong. Ang iba ay pinipilit na makisali sa kriminal na aktibidad o na magpakasal.
- **Maaaring ang mga nakaligtas ng trafficking ay US citizens**. Kasama sa mga nakaligtas ng trafficking ay mga citizens, mamamayan, mga may karapatang manirahan nang permanente sa US bilang residente, at mga migranteng walang papeles.
- **Nagsasangkot sa trafficking ang mga lalaki, babae at bata.** Iba-iba ang mga nakakaligtas ng trafficking. Kalahati ng mga taong na-traffick ay bata, at 80% ng mga nakaligtas ng trafficking ay babae.

Pag-kilala ng Nakaligtas ng Trafficking

Maaaring biktima ng trafficking ang isang tao kapag ang isa o higit sa isa sa mga sumusunod ay totoo:

- Siya ay biktima ng paglabag ng batas sa pagtatrabaho.
- Binantaan ng kanyang amo o asawa ang kanyang pamilya.
- Lagi siyang may kasamang ibang tao na mukhang nagkokontrol sa kanya.
- Tila wala siyang sariling ID o papeles sa pagkilala.
- Hindi siya binabayaran o kaya'y nagtatrabaho siya upang magbayad ng utang.
- Ang mga karaniwang industriya na may biktima ng trafficking ay ang pagsisilbi bilang katulong sa bahay, pagtatrabaho sa hotel o turismo, sa pabrika, restawran, konstruksyon, trabahong pang-seks, pagsasaka, o pangingisda.

Impormasyon

- Tumawag sa pulisya sa 911.
- Tumawag sa hotline ng AALDEF sa 1.800.966.5946 o sa ibang samahang legal para sa referrals o mga serbisyo.
- Tumawag sa US Department of Justice, Trafficking in Persons and Worker Exploitation Task Force Complaint Line sa 1.888.428.7581.
- Tumawag sa US Department of Health and Human Services, Trafficking Information and Referral Hotline sa 1.888.3737.888.